



KALAGAYAN NG KAGAMITANG PAGTUTURO SA FILIPINO AYON SA PANANAW NG MGA PRE-SERVICE TEACHER: ISANG MIXED METHOD NA PAG-AARAL

Divine P. Deloy¹, Joan Sugetarios, LPT²

¹Student Researchers, Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines, Orcid #0009-0007-8927-898X.

²Sto. Tomas National High School

Article DOI: <https://doi.org/10.36713/epra19742>

DOI No: 10.36713/epra19742

ABSTRAK

Nilalayon sa pananaliksik na ito na ihayag ang karanasan ng mga pre-service teacher na may kaugnay sa kalagayan ng kagamitang pagtuturo sa Filipino. Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng mixed-method na pamamaraan na sumusuri sa kalagayan ng kagamitang pagtuturo sa Filipino. Kung saan, ginamit ang isang convergent parallel mixed method na disenyo dahil nakakalap ito ng iba-iba at komplementaryong data sa parehong paksa. Sa kuwantitatibong parte, mayroong 63 na mga mag-aaral ang tumugon sa pag-aaral at 10 naman ang kuwalitatibong parte na purong focus group discussion. Ang mga resulta ng pag-aaral ay nagsiwalat na ang antas ng kagamitang pagtuturo sa Filipino ng mga pre-service teacher ay lumabas na napakataas. Higit pa rito, ipinakita sa karanasan ng mga pre-service teacher ang kakulangan ng mga kagamitang pagtuturo at ang impluwensya ng sapat na kagamitang pagtuturo sa pagkatuto at pagtuturo ng Filipino. Bilang estratehiya, ang mga pre-service teacher ay gumagamit ng teknolohikal na kasangkapan, paggamit ng mga ng estratehiya, at ipinapalabas ang pagiging malikhain bilang guro sa pagganap sa loob ng klase. Ang kanilang ideya at estratehiya ay gumaganap at malaking tulong sa paglikha ng epektibong metodo sa pagkatuto at pagtuturo sa mga mag-aaral ng Filipino.

MGA SUSING SALITA: kagamitang pagtuturo sa Filipino, mixed methods, pre-service teacher.

INTRODUKSYON

Ang epektibong pagtuturo at pagkatuto ay naaangkop sa maayos na gamit ng mga kagamitang pang-edukasyon. Sa pag-unlad ng panahon, naging integral ang mga ito sa sistema ng edukasyon. Ang mga kagamitang pang-edukasyon ay binubuo ng iba't ibang materyales at kasangkapan na nag-aambag sa proseso ng pagtuturo at pagsasanay. Ang kanilang layunin ay mapadali ang pag-unawa at mapabuti ang kalidad ng edukasyon (Mohammed, 2016).

Sa Pennsylvania, tulad ng maraming rehiyon sa buong mundo, mayroong kakulangan sa mga kagamitan sa pag-aaral, na nakaaapekto sa mga lugar na may mataas at katamtamang antas ng kahirapan. Ang hamon sa kakayahan ng mga paaralan na magkaroon ng bagong mga kagamitan para sa bawat mag-aaral ay nagdudulot ng malaking hadlang na pumipilit sa mga guro na bumuo ng mga alternatibong solusyon. Maaaring isang diskarte ang gumamit ng mga aklat o gumamit ng mga projector upang ipakita ang mga materyal sa pagtuturo, bagaman may mga limitasyon ito. Sa kabila ng mga pagsisikap na ito, lubhang naaapektuhan ng kakulangan ng mga kagamitan ang mga bunga ng pag-aaral ng mga mag-aaral at ang epektibong pagtuturo ng mga guro. Bagaman ang mga kapaligiran ng aktibong pag-aaral ay mas gusto ng maraming mag-aaral, ang access sa mga screen ay nagpapalakas sa pakikilahok at focus. Gayunpaman, ang mga guro sa Pennsylvania, tulad ng sa ibang lugar, kadalasang nagbubuhay ng pasanin ng gastusin sa pangunahing mga kagamitan sa silid-aralan, na nagpapalala sa kanilang pasanin sa pinansyal at bumabawas sa morale. Ang ganitong sitwasyon sa

wakas ay sumisira sa kalidad ng edukasyon at mga resulta ng mga mag-aaral.

Sa Pilipinas, ipinakita ng isang kamakailang ulat ng World Bank ang kakulangan sa mapagkukunan sa partikular na kagamitan upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral. Ang ulat ay naglalantad ng isang kahindik-hindik na estadistika: 91% ng sampung-taong gulang na mga Pilipino ay nabibilang sa kategoryang *learning poverty*, na nangangahulugang nahihirapan sa akademikong pagganap. Ang mapanganib na natuklasang ito ay mas higit pang kaugnay sa kakulangan sa mapagkukunan na mga materyales sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral at hindi sapat na pagsasanay ng mga guro, na nagbibigay-diin sa masalimuot na interaksyon ng mga salik na sumisira sa edukasyon (World Bank, 2023).

Sa gayong kapani-paniwala at makatotohanang ebidensya, hindi maaaring itangging kinakailangan nang agaran na matugunan ang kakulangan ng kagamitang pagtuturo o *learning resources*. Kapansin-pansin na ang mga epekto ng kawalan nito ay malalim,

nakaaapekto sa kakayahan ng mga guro na magbigay ng epektibong pagtuturo sa loob ng paaralan, nagiging sagabal sa pakikilahok at pagkakataon ng mga mag-aaral, at sa huli, nagpapatuloy sa pagpapalala ng mga hindi pantay-pantay na sitwasyon sa loob ng sistema ng edukasyon. Hindi maipagkakaila na may malaking sosyal na kahalagahan na tiyakin na mabigyan ng angkop na kalutasan ang kakulangan sa



mga materyales, mabigyan ng *access* upang epektibo ang pagkatuto at pagtuturo ng mga guro.

LAYUNIN NG PANANALIKSIK

Sa pananaliksik na ito, ginamit ang *convergent parallel mixed method* na pananaliksik sa malawakang pagsusuri sa kalagayan ng kagamitang pagtuturo ayon sa pananaw ng mga *pre-service teacher* ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology. Sa partikular, hinahangad nitong tugunan ang mga sumusunod na katanungan sa pananaliksik.

1. Ano ang antas ng mga kagamitang pagtuturo sa Filipino ng mga *pre-service teacher*?
2. Ano ang mga karanasan ng mga *pre-service teacher* patungkol sa kalagayan ng kagamitang Filipino sa kagtuturo?
3. Ano ang mga pananaw ng mga *pre-service teacher* na nagtuturo at gumagamit ng kagamitang Filipino?
4. Ang kuwalitatibong data ba ay nagpapatunay sa kuwantitatibong data?

METODOLOHIYA

Disenyo ng Pananaliksik

Ginamit ng mananaliksik ang *convergent parallel mixed approach* sa pananaliksik na ito. Ang *non-experimental* na dulog na ito ay pinagsasama ang mga aspekto ng kwantitatibo at kwalitatibo na pamamaraan. *Convergent parallel* ito dahil ang pag-aaral ay gagamit ng parehong kwantitatibo at kwalitatibo na pangangalap ng *data*, pagsusuri, at paghahambing sa parehong oras, na may mga paghahambing na ginawa pagkatapos makumpleto ang pagsisiyasat. Ang dulog ay ginamit upang siyasin ang kalagayan ng kagamitang pagtuturo sa Filipino. Bukod pa rito, madalas na ginagamit nang sa gayon ay pagtagumpayan ang isang kahinaan sa isang paraan na may lakas ng isa pa. Maaari din itong makatulong sa pagpapahusay sa dami ng datos sa pamamagitan ng pangangalap ng kwalitatibong data na may malawak na hanay ng mga posibleng sagot (Creswell, 2003).

Lokasyon at Respondente ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay ginawa sa Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology (KCAST), isang lokal na kolehiyo sa Mindanao. Ang mag-aaral ng kursong Bachelor of

Elementary Education, Batchelor of Secondary education major in Filipino, Mathematics at English na mga pre-service teacher ang pinili bilang respondente sa pananaliksik na ito sapagkat ang pag-aaral ay hinggil sa kalagayan ng kagamitang pagtuturo sa Filipino at aangkop ang mga mag-aaral na ito na nagtuturo bilang pre-service teacher at gumagamit ng kagamitang Filipino.

Ang isang kategorya ng MMR na tinatawag na Convergent Parallel Design ang magiging batayan ng balangkas ng pananaliksik. Ito ay naglalayong paghambingin at pag-isa-isahin ang mga datos mula sa magkaibang pamamaraan upang magbigay ng masusing pagsusuri matapos ang pagsasaliksik nito (Fischler, 2017). Sa kabuuan, ang pananaliksik ay susundan ang balangkas ng Convergent Parallel Design, kung saan ang mga datos mula sa kwantitatibong at kwalitatibong pamamaraan ay nagbigay linaw sa kahalagahan sa kabuuang pananaliksik.

Instrumento ng Pananaliksik

Ang instrumento sa pananaliksik ay naglalarawan sa mga kagamitan na ginamit upang mangalap ng data, kabilang ang mga sarbey, pagtatasa, organisadong panayam, at checklist. Ang sarbey na talatanungan at ang pakikipanayam ay ang dalawang kasangkapan sa pananaliksik na gagamitin sa *convergent parallel mixed-method* na pag-aaral upang makuha ang kinakailangang datos ng kalahok (Seaman, 1991). Ang instrumento para sa parteng kwantitatibong pananaliksik na ito ay nagbigay ng kwantitatibong datos ay may kaugnayan sa pag-aaral. Ang unang instrumento ay ang sarbey na gagamitin upang mangalap ng mga datos sa kalagayan ng kagamitang pagtuturo na may tatlong (3) indiketyor na pagpili ng kagamitang pagtuturo, utilization ng kagamitan, at paggamit ng guro sa mga kagamitang pagtuturo (Longkiao, C. A., 2017). Gamit ang Five-point Likert Scale, sumagot ang mga kalahok gamit ang iskala na 5 hanggang 1, 5 kung napakataas at 1 na man na nagsasaad ng napakababa. Para sa kwalitatibong parte, naghanda ang mananaliksik ng interview protocol at FGD guide na navalidate ng panel ng mga eksperto. Binubuo ito ng mga open-ended na katanungan tungkol sa buhay na karanasan ng mga estudyante patungkol sa kalagayan ng kagamitang pagtuturo sa Filipino.

RESULTA AT DISKUSYON

Talahanayan 1

Antas ng mga Kagamitang pagtuturo sa Filipino Batay sa Pagpili ng Kagamitang Pagtuturo sa Filipino

Pagpili ng Kagamitang Pagtuturo sa Filipino	Mean	Description
1. Alam ko na may magagandang materyales, ngunit mahirap at matagal na hanapin ang materyales na aangkop sa mga estudyant.	4.21	Mataas
2. Gumagamit ako ng iba't-iba at <i>available</i> na mapagkukunan sa komunidad (tao, materyales) upang suportahan ang pag-aaral.	4.41	Napakataas
3. Ginagamit ko ang komunidad bilang laboratoryo sa pagtuturo at pagkatuto.	4.02	Mataas
4. Naghahanap ako ng paraan sa paghahanap ng mga materyales na makakatulong ng malaki sa estudyante ngunit walang mga mapagkukunan upang bilhin ang mga ito.	4.27	Napakataas
5. Nakahanap ako ng mga materyales na dapat <i>theoretically</i> ayon at tumutugon sa mga pangangailangan ngunit ang mga ito ay hindi maganda ang kalidad.	4.11	Mataas
OVERALL	4.20	Mataas



Antas ng mga Kagamitang Pagtuturo sa Filipino Batay sa Pagpili ng Kagamitang Pagtuturo sa Filipino

Ang antas ng pagpili ng kagamitang pagtuturo sa Filipino ay matatagpuan sa Talahanayan 1 na may pangkalahatang mean na 4.20 na nagpakita ng mataas na katayuan sa pagpili ng kagamitang pagtuturo sa Filipino ng mga pre-service teacher, ang resultang ito ay nangangahulugang ang antas ng kagamitang pagtuturo sa Filipino Batay sa Pagpili ng Kagamitang Pagtuturo sa Filipino ay madalas na naipapamalas ng mga partisipante.

Sa partikular, sa indikektor na Pagpili ng Kagamitang Pagtuturo sa Filipino ang pinakamataas na mean ay nakuha sa Aytem 2 na

may 4.41 na nagsasaad na *Gumagamit ako ng iba't-iba at available na mapagkukunan sa komunidad (tao, materyales)* na ibig sabihin ay ang partisipante ay palaging naipapamalas ang aytem at may deskripsyon na napakataas.

Sa kabilang banda, nakakuha ng pinakamababang mean ang Aytem 3 na may 4.02 na nagsasaad na *Ginagamit ang komunidad bilang laboratoryo sa pagtuturo at pagkatuto*) na may deskripsyon na *mataas*. Samaktuwid, ang kategorya ng mean sa Pagpili ng kagamitang pagtuturo sa Filipino ay inilalarawan bilang mataas na may pangkalahatang mean na 4.20 na nangangahulugang ang antas ng kagamitang pagtuturo sa Filipino ay madalas na naipapamalas

Talahanayan 2

Antas ng mga Kagamitang Pagtuturo sa Filipino Batay sa Utilization ng Kagamitang Pagtuturo

Utilization ng Kagamitang Pagtuturo	Mean	Description
1. Gumagamit ako ng mga materyales na kailangang gamitin ayon sa district/school.	4.30	Napakataas
2. Pumipili ako ng mula sa isang listahan ng mga materyales na inaprubahan ng district/school.	4.24	Mataas
3. Pumili ako ng alinmang materyales na nais ng guro ayon sa gabay sa kurikulum.	4.30	Napakataas
4. Nag-indigenize ako ng mga kagamitan at pamamaraan sa pagtuturo upang ma-maximize ang oras ng pagtuturo.	4.41	Napakataas
5. Pumipili, naghahanda, at gumagamit ako ng magagamit na teknolohiya at iba pang kagamitan sa pagtuturo na angkop sa mga mag-aaral at sa mga layunin ng pagkatuto.	4.38	Napakataas
OVERALL	4.33	Napakataas

Antas ng mga Kagamitang Pagtuturo sa Filipino Batay sa Utilization ng Kagamitang Pagtuturo

Ipinakita sa Talahanayan 2 ang antas ng Utilization ng Kagamitang Pagtuturo sa pamamagitan ng mga tugon ng mga pre-service teacher na may pangkalahatang mean na 4.33 na inilarawan bilang napakataas, ang resultang ito ay nangangahulugang ang antas ng kagamitang pagtuturo sa Filipino Batay sa Utilization ng Kagamitang Pagtuturo ay palaging naipapamalas ng mga partisipante.

Dagdag pa, ang mga tugon ng mga pre-service sa indikektor na Utilization ng Kagamitang Pagtuturo ang pinakamataas na mean ay nakuha sa Aytem 4 na may 4.41 na nagsasaad na *Nag-indigenize ako ng mga kagamitan at pamamaraan sa pagtuturo upang ma-maximize ang oras ng pagtuturo* na ibig sabihin ay

ang partisipante ay palaging naipapamalas ang aytem at may deskripsyon na napakataas.

Samantala, ang may pinakamababang mean ay nakuha sa Aytem 2 na may 4.24 na nagsasaad na *Pumipili ako mula sa isang listahan ng mga materyales* 4.24 na nagsasaad na *Pumipili ako mula sa isang listahan ng mga materyales na inaprubahan ng district/school* na may deskripsyon na *mataas*. Sa kabuoan, ang kategorya ng mean sa Utilization ng Kagamitang Pagtuturo sa Filipino ay may natala na 4.33 na mean na may napakataas na deskripsyon at nangangahulugan na ang antas ng kagamitang pagtuturo sa Filipino ay palaging naipapamalas.

Talahanayan 3

Antas ng mga Kagamitang Pagtuturo sa Filipino Batay sa Paggamit ng iba't-ibang Kagamitang Pagtuturo

Paggamit ng Iba't-Ibang Kagamitang Pagtuturo	Mean	Description
1. Gumagamit ako ng <i>improvised</i> na materyales na ginagawa ng guro sa kanyang sarili.	4.33	Napakataas
2. Gumagamit ako ng mga pandagdag na materyales mula sa internet na naka-bundle mula sa <i>curriculum guide</i> .	4.43	Napakataas
3. Gumagamit ako ng <i>Offline</i> na <i>software</i> (hal., mga program na lokal na naka-install sa isang partikular na <i>computer</i>).	4.49	Napakataas
4. Lumilikha ako ng sariling kagamitang panturo upang mapabuti ang pagganap batay sa puna mula sa mga tagapayo, mag-aaral, kasamahan, nakatataas at iba pa.	4.35	Napakataas
5. Gumagamit ako ng mga kagamitan o <i>hardware</i> na magagamit ng mga mag-aaral sa lahat ng oras (<i>resourcefulness of the teacher</i>).	4.38	Napakataas
OVERALL	4.40	Napakataas



Antas ng mga Kagamitang Pagtuturo sa Filipino Batay sa Paggamit ng Iba't-Ibang Kagamitang Pagtuturo

Ang Talahanayan 3 ay ipinakita ang tugon ng mga mag-aaral tungkol sa paggamit ng iba't-ibang kagamitang pagtuturo na may kabuoang mean na 4.40 na inilarawan bilang napakataas, ang resultang ito ay nangangahulugang ang antas ng kagamitang pagtuturo sa Filipino Batay sa ang guro ay gumagamit n iba't-ibang kagamitang pagtuturo ay palaging naipapamalas ng mga partisipante.

Sa indikektor na ito, ang mga tugon ng mga pre-service sa indikektor na ang guro ay gumagamit ng iba't-ibang Kagamitang Pagtuturo ang pinakamataas na mean ay nakuha sa Aytem 3 na may 4.49 na nagsasaad na *Gumagamit ako ng Offline na software (hal., mga program na lokal na naka-install sa isang partikular na computer)* na ibig sabihin ay ang

partisipante ay palaging naipapamalas ang aytem at may deskripsyon na napakataas.

Sa kabilang banda, ang may pinakamababang mean ay nakuha sa Aytem 1 na may 4.3 na nagsasaad na *Gumagamit ako ng improvised na materyales na ginagawa ng guro sa kanyang sarili*. Sa pangkalahatan, ang katagorya ng mean sa paggamit ng iba't-ibang kagamitang pagtuturo ay inilarawan bilang napakataas na may 4.40 na mean na nangangahulugang na ang antas ng kagamitang pagtuturo sa Filipino ay palaging naipapamalas.

Kabuoang Resulta ng Antas ng Kagamitang Pagkatuto sa Filipino

Sa kabuoan, ang Talahanayan 4 ay ipinakita ang resulta ng sarbey sa kalagayan ng kagamitang pagtuturo sa Filipino ng mga pre-service teacher ng KCAST.

Talahanayan 4

Antas ng mga Kagamitang Pagtuturo sa Filipino ng mga pre-service teacher

Indicators	Mean	Description
Pagpili ng Kagamitang Pagtuturo sa Filipino	4.20	Mataas
Utilizationng Kagamitang Pagtuturo sa Filipino	4.33	Napakataas
Paggamit ng iba't-ibang Kagamitang Pagtuturo	4.40	Napakataas
TOTAL	4.31	Napakataas

Talahanayan 5

Karanasan ng mga pre-service teacher na gumagamit ng Kagamitang Pagtuturo sa Filipino

Isyung Sinuri	Pangunahing Ideya	Katagorya	Pangunahing Tema	Teoritikal na Suporta
Karanasan ng mga pre-service teacher na gumagamit ng kagamitang pagtuturo sa Filipino	<ul style="list-style-type: none"> Kaunting nakalimbag na dokumento o libro Kawalan ng mapagkukunan sa Filipino Kakulangan sa kagamitang Filipino sa silid aklatan 	Walang sapat na mapagkukun ng kagaya ng libro at online na dokumento	Kakulangan sa mapagkukunan	Sweller 's Cognitive Load Theory
	<ul style="list-style-type: none"> Ang libro na ibinigay ng cooperating teacher ay kulang Mayroong pandagdag na kagamitan ngunit hindi sapat para sa talakayan Hindi dapat umasa sa libro na ibinigay sapagkat kadalasan ito ay hindi updated at impormatibo 	May libro ngunit kulang ang nilalaman		
	<ul style="list-style-type: none"> Kahirapan sa pagbukas ng may bayad na website Limitadong access sa website Kakulangan sa kagamitang 	Ang nakalimbag na impormasyon sa online na plataporma ay mayroong bayad	Kahirapan sa pag-access sa online na dokumento	Warschauer's Digital Divide Theory



	nakalimbag sa <i>online</i> <ul style="list-style-type: none"> • Kahirapan sa pag utilize ng kagamitang nakalimbag 			
	<ul style="list-style-type: none"> • Mga nakalimbag na impormasyon ngunit hindi credible • Mayroong website na mapagkukunan ngunit hindi legal • Ibat-ibang impormasyon at konteksto na hindi tiyak ang pinanggalingan 	Mayroong online na mapagkukunan ngunit hindi lehitimo		
	<ul style="list-style-type: none"> • Limitadong kagamitang pagkatuto at pagtuturo na nakalimbag sa Filipino • Hamon sa paggawa aktibidad sanhi ng kakulangan sa kagamitang Filipino • Pangangalap ng kagamitang pagtuturo sa Wikang Ingles 	Ang impormasyon na makukuha ay kailangan pa isalin sa Filipino	Limitadong access sa kagamitang Filipino	Ryan's Self-determination Theory

Talahanayan 7

Ang Pananaw ng mga *Pre-service Teacher* na Gumagamit ng Kagamitang Pagtuturo sa Filipino

Isyung Sinuri	Pangunahing Ideya	Kategorya	Pangunahing Tema	Teoritikal na Suporta
Pananaw ng mga pre-service teacher na gumagamit ng kagamitang pagtuturo sa Filipino	<ul style="list-style-type: none"> • Kakayahang umusad likod sa hamon • Motibasyon at kagustohang matuto • Hamon bilang instrumento sa paghulma ng kabataan 	Kagustohang matuto at magturo	Pagsalungat sa karaniwang gawi	Ryan and Wilson's Self-determination Theory
	<ul style="list-style-type: none"> • Pagiging maalam sa ibat-ibang mapagkukunan • Gumalugad sng ibat-ibang estilo sa pagtuturo • Guro bilang multi-literate sa larangan ng pagtuturo 	Mangalap at huwag makonyento sa kung ano mayroon		
	<ul style="list-style-type: none"> • Magkaroon ng kumpanyansa sa sarili • Maging handa sa mga kuyosidad ng mag-aaral • Maging matatag pasensyoso, flexible, at determinado 	Ang kakayahan ng guro na humarap sa loob ng klase	Pre-service teacher bilang behikolo ng kalidad na Edukasyon	Ryan and Wilson's Self-determination Theory
	<ul style="list-style-type: none"> • I-akma ang aktibidad sa kapasidad ng mag-aaral 	Pagbibigay ng kalidad na Edukasyon		



	<ul style="list-style-type: none"> Ihambing sa reyalidad na mga pangyayari ang paksa Gamitin ang teknolohikal na kasangkaoan sa pagtuturo at pagkatuto Dumalo sa mga palihan upang mahasa ang kakayahan sa pagtuturo 			
	<ul style="list-style-type: none"> Pag-improvised ng kagamitang pampagtuturo Paggalugad ng mga estratehiya 	Pagiging malikhain sa pag-improvised ng estratehiya	Pagkamalikha in ng Guro	Bandura's Self-efficacy Theory

Talahanayan 8

Pagpapakita ng Mahahalagang Natuklasan sa Pinagsanib na Kwantitatibo at Kwalitatibo

Aspetto o Focal Point	Kwantitatibong Natuklasan	Kwalitatibong Natuklasan	Likas na Integrasyon ng Data	Aksiolohikal na Impikasyon
Pagpili ng kagamitang pagtuturo	<p>Talahanayan 1 sa pagpili ng kagamitang pagtuturo sa Filipino Aytem 4 na tumutukoy sa paghahanap ng paraan sa paghahanap ng mga materyales na makakatulong ng malaki sa estudyante ngunit walang mga mapagkukunan upang bilhin ang mga ito (M=4.27) na may marka napakataas.</p> <p>Tahanayan 1 sa Aytem 5 na naghahanap ng mga materyales na dapat theoretically ayon at tumutugon sa pangangailangan ngunit ang mga itoy hindi maganda ang kalidad (M=4.11) nay mark ana mataas.</p>	Talahanayan 6 na may code na walang sapat na mapagkukunan kagaya ng libro, at mga online na dokumento sa ilalim ng temang kakulangan sa mapagkukunan	Merging-Converging	Nagpapakita na ang mga ang mga pre-service teacher ay naghahanap ng paraan upang mapunan ang kakulangan sa mga kagamitang pampagtuturo sa Filipino.
Utilization ng kagamitan	Talahanayan 2 <i>Utilization</i> ng kagamitan Aytem 5 na pumipili, naghahanda, at gumagamit ng magagamit na teknolohiya sa iba pang kagamitan sa pagtuturo na	Talahanayan 7 na may code na pagbibigay ng kalidad ng edukasyon sa ilalim ng temang pre-service teacher bilang behikulo ng	Merging-Converging	Ipinapakita ng mga pre-service teacher ang katatasan sa paghahanda ng kalidad na edukasyon gamit ang teknolohikal na kasangkapan sa pagpapataas ng kalidad ng



	aangkop sa mag--aaraal at sa mga layunin ng pagkatuto.	kalidad na edukasyon		pagkatuto ng mag-aaraal at sa pagpapakitang turo ng mga pre-service teacher.
Paggamit ng guro sa mga kagamitang pagtuturo	Talahanayan 3 paggamit ng guro sa mga kagamitang patuturo Aytem 1 gumagamit ng improvised na materyales na ginawa ng guro sa kanyan sarili (M=4.33) na may marking napakataas at sa Aytem 4 na lumilikha ng sariing kagamitang panturo upang mapabuti ang pagganap batay sa puna mula sa mga tagapayo, mag-aaraal, kasamahan, nakakatas at iba pa (M=4.35) na may markang napakataas.	Talahanayan 7 na may code na pagiging malikhain s pag-improvide ng estratehiya sa ilalim ng temang pagiging malikhain ng guro	Merging-Converging	Nagpapakita ito na sa pagtuturo ay isang importanteng kasanayan ang pagiging malikhain at ang kapasidad na gumawa ng mga materyales pampagturo upang matugonan ang pangangailangan ng mga mag-aaraal.

Utilization ng kagamitan. Sa kuwantitatibong yugto, ang particular na aytem na may napakataas na marka ay ang *pumipili, naghahanda, at gumagamit ng magagamit na teknolohiya sa iba pang kagamitan sa pagtuturo na aangkop sa mag--aaraal at sa mga layunin ng pagkatuto*. Ang resultang ito ay konektado sa kuwalitatibong natuklasan, na may temang *pre-service teacher bilang behikulo ng kalidad na edukasyon*. Ligtas na sabihin na ang kuwalitatibong data ay nagtatagpo sa kuwantitatibong data.

Paggamit ng Iba't- ibang kagamitang pagtuturo. Ang mga particular na mga aytem na nagkaroon ng napakataas na marka ay ang *gumagamit ng improvised na materyales na ginawa ng guro sa kanyan sarili at lumilikha ng sariing kagamitang panturo upang mapabuti ang pagganap batay sa puna mula sa mga tagapayo, mag-aaraal, kasamahan, nakakatas at iba pa*. Ang resultang ito ay konektado sa kuwalitatibong natuklasan, na may temang *pagiging malikhain ng guro*. Ligtas na sabihin na ang kuwalitatibong data ay nagtatagpo sa kuwantitatibong data.

KONKLUSYON

Base sa mga resulta sa pananaliksik na ito, narito ang mga sumusunod na konklusyon:

Una, ang katayuan o antas ng kagamitang pagtuturo sa Filipino ng mga pre-service teacher ay napakataas sa tuntunin ng utilization ng kagamitan, paggamit ng guro sa mga kagamitang pagtuturo at may markang mataas sa pagpili ng kagamitang pagtuturo.

Samakatuwid, nagpapahiwatig na ang mga indikektor ng kagamitang pagtuturo sa Filipino ay palaging ipinakikita ng mga pre-service teacher.

Pangalawa, ang thematic analysis ng kwalitatibong data ay ginawa batay sa sagot na natamo sa pamamagitan ng pagsasagawa ng pinalaliman na panayam (IDI). Ang mga resulta ay nagbigay ng higit pang impormasyon tungkol sa kanilang panig lalong lalo na sa tuntunin ng kanilang mga karanasan sa paggamit ng kagamitang pagtuturo sa Filipino. Sa pamamagitan ng husay, ang mga pre-service teacher ng Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology ay nakaranas ng ibat-ibang sitwasyon na nag-aambag sa paraan kung paano naaapektuhan ang kanilang pagtuturo gamit ang kagamitang Filipino. Ang mga sumusunod na tema ay lumitaw: kakulangan sa mapagkukunan, kahirapan sa pag-access sa online na dokumento, limitadong access sa kagamitang Filipino.

Pangatlo, mula sa tugon ng mga respondente ang ibang tema ay nakuha mula sa pananaw ng mga pre-service teacher patungkol sa kalagayan ng kagamitang pagtuturo sa Filipino. Ang sumusunod ay ang mga tema: pagsalungat sa karaniwang gawi, pre-service teacher bilang behikulo ng kalidad na Edukasyon, pagkamalikhain ng Guro.

Panghuli, upang mas maunawaan ang epekto ng karanasan ng mga pre-service teacher tungkol sa kagamitang Filipino, ang mga tugon ay sinuri ayon sa tema upang kumpirmahin ang dami ng mga natuklasan ng pag-aaraal. Ang parehong natuklasan mula sa dalawang yugto ay isinama batay sa natural na plano. Ang



antas ng pagsasama-sama ng kagamitang pagtuturo sa Filipino ng mga pre-service teacher batay sa dami ng mga resulta ay nagpapakita na ito ay nagtagpo sa datos na nakuha mula sa yugto ng kwalitatibo. Ang parehong kwantitatibo at kwalitatibo na mga resulta ay nagpapatunay na mayroong kakulangan sa kagamitang pagtuturo sa Filipino ngunit ang mga pre-service teacher ay gumagamit at lumilikha ng mga kagamitang pagtuturo na aayon sa layunin ng pag-aaral.

TALASANGGUNIAN

1. Creswell, J. (2009). *Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches (3rd ed.)*. Thousand Oaks, CA: Sage.
2. Creswell, J. W. (2003). *Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches (2nd ed.)*. Thousand Oaks, CA: Sage
3. Creswell, J. W. (2013). *Qualitative Inquiry & Research Design: Choosing among Five Approaches (3rd ed.)*. Thousand Oaks, CA: SAGE.
4. Creswell, J. W., and Plano Clark, V. L. (2018). *Designing and Conducting Mixed Methods Research*. Thousand Oaks, CA: Sage.
5. Mohammed, U. (2016). *Assessment of the availability and use of instructional materials By secondary school economics teachers in Kwara state, Nigeria*. *The Nigerian Principal Journal of ANCOPSS*, 8 (1), 49-54
6. World Bank. (2023). *Learning poverty brief: Philippines*.
7. Fischler, A.S. (2017). *Mixed Methods*. NOVA Southeastern University. https://education.nova.edu/Resources/uploads/pp/35/files/arc_doc/mixed_methods.pdf